Background na Impormasyon
at Maagang Direksiyon

Mayo 2022



RUPERT + RENFREW
Station Area Plan

CITY OF VANCOUVER




Lumilikha kami ng plano para sa mga pook sa paligid ng istasyon ng skytrain ng Rupert at Renfrew.

Ang istasyon ng SkyTrain ng Rupert at Renfrew ay nakumpleto noong 2002 bilang bahagi ng Millennium Line, subalit, sa ngayon, may kakaunting pagbabago sa polisiya sa lugar para samantalahin ang mga istasyon ng rapid transit.

Ano ang plano ng pook?

Ang mga plano ng pook ay mga dokumento sa polisiya na humuhugis sa panandalian at pangmatagalang paglago ng lugar. Nagbibigay kami ng patnubay at direksiyon sa iba't ibang paksa tulad ng paggamit ng lupa, taas at iskala ng gusali, pabahay, transportasyon at mga pasilidad ng komunidad.


Lugar ng pag-aaral ng Planong Rupert Renfrew



Bakit ito mahalaga?

Pagkakataon ito para kilalanin ang mga priyoridad at mga oportunidad sa komunidad, galugarin ang mga solusyon, at preserbahin kung ano ang pinahahalagahan. Sa kapitbahayang ito, may potensiyal para magdagdag ng mga bagong opsiyon sa pabahay na malapit sa transit, protektahan ang Still Creek at pamahalaan ang peligro sa baha, suportahan at dagdagan ang mga oportunidad sa trabaho sa loob ng mga kasalukuyang lupa ng pag-empleyo ng lugar, at lumikha ng mas nalalakarang kapitbahayan.





Makisangkot sa plano para sa mga kapitbahayan ng istasyong Rupert at Renfrew

Sino ang makakasangkot?

Ang proseso sa pagpaplano ay nagbibigay ng mahalagang oportunidad para makipagtulungan sa xʷməθkʷəy̓əm (Musqueam), Sḵwx̱wú7mesh (Squamish), at səlilwətaɬ (Tsleil-Waututh) Nations, at isulong ang rekonsilyasyon. Luugnay din namin ang mga taong nakatira at nagtatrabaho sa lugar ng pag-aaral ng Rupert Renfrew, kabilang ang mga umuupa, mga may-ari, kabataan, mga taong magkakaiba ang background sa kultura, mga edad at mga kita.





Paano ako makakasangkot?

Sa suunod na taon, maraming mga oportunidad para ibahagi ang mga nasasa-isip mo. Ang mga pangunahing nakasulat na materyales ay naisalin at ang mga tagapagsaling-wika ay makukuha sa ilang mga pagpupulong o sa telepono. Para sa mga nakasaling-wika na bersiyon ng lahat ng mga materyales o para humiling na makipag-usap sa isang tagapagsaling-wika, mangyaring pumunta sa:**shapeyourcity.ca/rupert-renfrew-station-area-plan**. Maaari ka ring mag-email sa amin sa **rupertrenfrewplan@vancouver.ca**.

Gaano katagal ito aabutin?

Ang Plano sa Pook ng Istasyon ng Rupert Renfrew ay kukumpletuhin sa 2023. Ang Konseho ng Lungsod ay magrerepaso at boboto sa plano sa katapusan ng proseso.

Timeline ng Plano sa mga Kapitbahayan ng Rupert at Renfrew

Yugto I
Mga Maagang Direksiyon
Tagsibol at Tag-init ng 2022

Yugto 2
Balangkas na Plano
Taglamig 2023 - Taglagas 2023

Yugto 3
Panghuling Plano
Taglagas 2023 - Tagsibol 2024







Ang plano sa mga kapitbahayan ng rupert at renfrew ay magtatayo batay sa plano ng vancouver

Ano ang plano ng vancouver?

Ang plano ng lugar na ito ay magtatayo batay sa balangkas na Plano ng Vancouver. Ang Plano ng Vancouver ay pangmatagalang istratehiya at pananaw para gabayan ang paglago at pagbabago sa buong lungsod. Nagbibigay ito ng framework para sa mas detalyadong mga plano sa lugar (tulad ng Plano ng Pook ng Istasyon ng Rupert at Renfrew) na tutugon sa mga particular na oportunidad at mga paghamon sa iskala ng kapitbahayan. Maari niyong matutunan ang detalye ng balangkas na Plano ng Vancouver sa vancouverplan.ca.

Patnubay para sa paglago at pagbabago: Rapid Transit

Inilalarawan din ng balangkas na Plano ng Vancouver kung gaano maaaring magbabago ang mga pook sa lungsod sa paglipas ng panahon. Ang mga lugar sa loob ng 10 minutong paglalakad ng mga istasyon ng rapid transit, tulad ng mga istasyon ng SkyTrain ng Rupert at Renfrew, ay kailangang magdagdag ng mas maraming mga abot-kayang pabahay, mga trabaho, tindahan, mga serbisyo at mga amenidad.

Draft ng mga maagang direksiyon

Bilang punto ng pagsisimula para sa plano ng pook, tinitingnan namin ang mga ideya mula sa balangkas na Plano ng Vancouver at ginagalugad kung paano ito mailalapat sa lugar sa paligid ng Istasyon ng SkyTrain ng Rupert at Renfrew. Ang mga maagang direksiyon ay mga halimbawa ng mga pangunahing oportunidad para sa pagbabago sa kapitbahayan.

Kung paano magagabayan ng plano ng vancouver ang mga maagang direksyon

3 Mga Pundasyong Prinsipyo


- Rekonsilyasyon
- Pagiging Patas
- Katatagan

+

3 Malalaking Ideya


1. Patas na pabahay at mga kumpletong kapitbahayan
2. Isang ekonomiya na gumagana para sa lahat
3. Proteksiyon sa klima at mga napanumbalik na ecosystem

Mga Pook ng Rapid Transit



Mga Maagang Direksiyon





Draft Ng Mga Maagang Direksiyon

EKONOMIYA

» Protektahan at patindihin ang Grandview-Boundary Employment Lands sa pagpapahintulot sa mga mas matataas na gusali na pang opisina at pang industriyal

» Maglaan ng mga bagong maliliit na tindahan at serbisyo mula sa mga arteyal na kalye, pinahihintulutan ang mga residnete at mga trabahador na ma-access ang mga pang-araw-araw nilang pangangailangan at bumuo ng mga panlipunang koneksiyon



PABAHAY



» Kilalanin ang mas maraming oportunidad para sa pabahay sa mga lugar sa loob ng distansyang malalakad mula sa mga istasyon ng SkyTrain pero sa labas ng mga employment lands. Kasama dito ang mga pangkilalang lugar para sa:

  » Mid-rise at high-rise na mga gusali, kasama ng apartments na may mga tindahan sa ground floor, paganahin ang apartments na mas mababa sa merkadong presyo “i.e. below-market housing”, at panlipunang pabahay, nakatuon sa mga lugar na malapit sa mga istasyon ng Skytrain

  » Mga low-rise na mga gusali ng apartment at mga townhouse para magbigay ng mas maraming opsiyon sa paupahan at pag-aari ng tahanan na wala sa mga arterial na kalye, na nakatuon sa mga lugar na mas malayo mula sa mga istasyon ng SkyTrain

TUBIG, EKOLOHIYA, MGA PARKE AT PAGBABAGO NG KLIMA

» Protektahan at pagandahin ang Still Creek para suportahan ang tirahan ng isda at pamahalaan ang peligro sa baha

» Sa loob ng floodplain sa paligid ng Still Creek, siguruhin na ang mga bagong gusali ay hindi magdaragdag sa peligro sa baha

» Magtanim ng mas maraming mga puno sa mga lugar na mababa ang pagsasaklaw ng mga puno para makatulong na pamahalaan ang sukdulang init na nagreresulta mula sa pagbabago ng klima

» Palawakin ang mga likas na lugar at mga parke ng kapitbahayan sa mga lugar na kulang ang serbisyo





Draft Ng Mga Maagang Direksiyon

REKONSILYASYON, KAPATASAN AT KATATAGAN



» Galugarin ang mga oportunidad sa pabahay at ekonomiko sa Musqueam, Squamish at Tsleil-Waututh sa pamamagitan ng muling pag-develop ng pook ng BC Liquor Distribution sa Broadway, at hingin ang kanilang input kung paano ang mas malawak na lugar ay makakasuporta sa rekonsilyasyon

» Idisenyo ang mga gusali para magbigay ng proteksiyon mula sa ingay sa labas at polusyon sa hangin, at ilagay ang mga bagong klase ng pabahay at ibang paggamit ng mga gusali na malayo sa mga arterial na kalye, mga highway at mga industriyal na gusali

TRANSPORTASYON AT PAMPUBLIKONG ESPASYO



» Gawing mas ligtas ang mga arteryal na kalye at gawing mas kumportable sa pamamagitan ng pagpapalawak sa mga bangketa, pinabubuti ng kaligtasan sa mga tawiran ng riles na malapit sa mga istasyon ng SkyTrain, at ang paggalugad ng mga protektadong daanan para sa pamimisikleta at mga e-scooter

» I-upgrade at palawakin ang greenway network, kabilang ang mga upgrade sa umiiral na Central Valley Greenway at mga bagong ruta kabilang ang north-south Eastside Crosscut

» Lumikha ng network ng mga people-friendly na mga pampublikong espasyo sa pamamagitan ng pagkoordina ng mga parke, Still Creek, mga greenway, at mga bagong pamamaraan sa pagpapakalma ng trapiko

» Magdagdag ng mas maraming pathway at mga koneksiyon bilang malalaking blokeng muling ide-develop para mapabuti ang aktibong network ng transportasyon

SINING, KULTURA, PAMANA, AT IMPRASTRAKTURA NG KOMUNIDAD



» Sa Grandview-Boundary Employment Lands, suportahan ang pagpapanatili at pag-develop ng mga espasyo ng sining at kultura at galugarin ang potensiyal para sa bagong mga pag-aalagaan ng mga bata

» Palawakin ang mga espasyong naninilbihan sa komunidad para matugunan ang paglago ng populasyon at mga pangangailangan ng populasyon na nararapat sa pagiging patas

RUPERT+ RENFREW

Station Area Plan



shapeyourcity.ca/rupert-renfrew-station-area-plan

3-1-1

rupertrenfrewplan@vancouver.ca

CITY OF VANCOUVER